

## Template ng Pinakamahusay na Kasanayan: WELCOME PACKET

### **MGA INSTRUKSYON PARA SA PAGGAMIT NG TEMPLATE:**

- **Layunin:** Ang template na ito ay magsasabi sa isang nakaligtas (survivor) kung ano ang aasahan habang bahagi sila ng iyong OVW TH Program. Ilalarawan din nito kung ano ang maaari nilang asahan mula sa mga serbisyo ng suporta. Ang Welcome Packet ay maaaring magsilbing isang mahalagang papel sa pag-aalok ng trauma-informed na pabahay at mga serbisyo. Ang mga patakaran at impormasyon sa packet na ito ay makakatulong sa survivor na gumawa ng batid na pagpipilian tungkol sa kung aling mga serbisyo ang sasalihan.
- **Paano gamitin ang template na ito:** Maaari mong iakma ang template na ito upang umangkop sa iyong mga pangangailangan at sa trabahong iyong ginagawa. Maaari mong baguhin ang mga salita upang tumugma sa wikang ginamit sa iyong programa. Bago gamitin ang template na ito sa isang aplikante sa pabahay, mangyaring tanggalin ang pahina ng mga tagubiling ito. Gayundin, mangyaring tanggalin ang anumang mga tala na kulay abo (grey). **Tiyaking palitan ang lahat ng naka-highlight na seksyon ng impormasyon ng iyong programa.**
  - Maaaring baguhin ang mga patakarang nakabalangkas sa packet na ito. Ngunit, mahigpit naming iminumungkahi na iwasan ng mga programa ang mga patakarang nakakasagabal sa awtonomiya o kaligtasan ng survivor. Ang awtonomiya ay ang kalayaang gumawa ng mga pagpipilian para sa sarili. Ang pabahay na may kaalaman sa trauma ay batay sa pagbuo ng awtonomiya ng survivor. Gusto naming suportahan ang kanilang kalayaan na gumawa ng mga pagpipilian tungkol sa kanilang pananatili.

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamain sa pananaw ng Department of Justice.

## **SIMULA NG TEMPLATE**

### **AGENCY LETTERHEAD**

## **MALIGAYANG PAGDATING sa Aming Programa!**

Sa susunod na 6-24 na buwan, nandito kami para ibigay sa iyo ang suporta, mga mapagkukunan, at mga serbisyong napagpasyahan mong pinaka-kapaki-pakinabang.

Nangangako kaming mag-aalok ng mga suportang makabuluhan at kapaki-pakinabang sa iyo. Habang binabasa mo ang packet na ito, mangyaring huwag mag-atubiling magtanong o mag-alok ng feedback. Ang program na ito ay para sa iyo. Gusto naming tumugon sa iyong mga pangangailangan. Inaasahan namin ang pakikipagtulungan sa iyo.

### **Talahanayan ng Mga Nilalaman**

Sino ang Tinutulungan Namin at Ano ang Ginagawa Namin

Mga Serbisyo ng Suporta


Ang Aming Tungkulin sa Iyo at sa Iyong mga Karapatan

Proseso ng Karaingan

Mga Alituntunin ng Programa

Patakaran sa Pagkakumpidensyal

Pag-alis sa Programa



## **Sino ang Tinutulungan Namin at Ano ang Ginagawa Namin**

### **Sino ang aming tinutulungan?**

- Mga nakaligtas sa:
  - domestikong karahasan
  - sekswal na karahasan
  - karahasan sa pakikipag-date
  - paniniktik (stalking)
- Mga anak ng survivors at/o mga umaasa
- Mga ligtas na magulang, tagapag-alaga, tagapag-alaga ng isang nakaligtas sa sekswal na pag-atake na wala pang 18 taong gulang at hindi pinalaya na menor de edad

### **Ano ang aming inaalok?**

- Ligtas, murang pabahay
- Suportang Pang-emosyon
- Tulong sa pera
- Tulong sa pabahay
- Adbokasiya
- Mga referral
- Anumang suporta na pinaniniwalaan mo ay makakatulong

Naniniwala kami sa pag-aalok ng mga serbisyong gusto at kailangan mo. Mangyaring sabihin sa iyong tagapagtaguyod kung mayroong isang serbisyo na sa tingin mo ay dapat naming ialok. Gagawin namin ang aming makakaya upang idagdag ito. Nilalayon naming tulungan kang maabot ang iyong mga layunin.

### **Hanggang kailan tayo makakatulong?**

- Para sa 6-24 na buwan
- Sa ilang mga kaso, mas mahaba

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamin sa pananaw ng Department of Justice.

## Mga Serbisyo ng Suporta

**Sino ang maaaring gumamit ng mga serbisyo ng suporta ng programa?** Ikaw at/o ang iyong mga umaasa.

**Kailan ko magagamit ang mga serbisyo ng suporta?** Anumang oras na gusto mo.

**Kailangan ko bang gumamit ng mga serbisyo ng suporta upang mapabilang sa programa?** Hindi naman.

**Paano kung magbago ang isip ko at gusto kong gumamit ng mga serbisyo ng suporta sa ibang pagkakataon?** Ikaw at/o ang iyong mga anak ay maaaring humiling na gumamit ng mga serbisyo ng suporta sa anumang punto sa panahon ng iyong pananatili. Maaari mong piliin kung aling mga serbisyo ang iyong ginagamit. Maaari mong piliin kung kailan at gaano kadalas mo ginagamit ang mga ito. Maaari mong piliin na huwag gamitin ang mga ito.

**Anong mga serbisyo ng suporta ang inaalok ng programa?**

Kasama sa aming mga serbisyo sa suporta ang:

- Emosyonal na suporta para sa iyo at sa iyong mga anak
- Pagtataguyod: **ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin nito sa iyong programa (mga referral ng landlord, atbp.)**
- Pagpapalano sa kaligtasan at kagamitan sa kaligtasan para sa iyong tahanan
  - Maaari kang makipagkita sa iyong tagapagtaguyod upang gumawa o magbago ng plano sa kaligtasan anumang oras. Ang iyong tagapagtaguyod ay maaaring makatulong sa pag-iisip ng mga paraan upang mapabuti ang iyong plano sa kaligtasan.
- Impormasyon para sa pagpapatala sa paaralan (para sa iyo at sa iyong mga anak): **(ipaliwanag kung ano ang kinapapalooban nito )**



- Pagpapayo
- Tulong sa pabahay
  - Communal/Clustered na Pamumuhay: Nag-aalok kami ng pabahay sa isang communal, o grupong, uri ng pamumuhay (ipaliwanag ang iyong modelo)
  - Iba't ibang Lugar (Scattered Site): Nag-aalok kami ng pabahay sa iba't ibang lugar na modelo, (ipaliwanag ang iyong modelo)
- Suporta at mga referral para sa transportasyon, pangangalaga sa bata, mga kagamitan sa bahay, atbp.
- Pag-aalaga sa sarili at holistic na pagpapagaling: yoga, mga klase sa sining, mga tiket sa pelikula, atbp.
- Mga pagpupulong sa pag-check-in: Maaari kaming makipagkita sa iyo anumang oras sa susunod na 6-24 na buwan. Maaari mong sabihin sa aming ang anumang bagay na gusto mo. Marahil ay mayroon kang mga iniisip tungkol sa kung paano namin mapapabuti ang aming programa. Baka gusto mong pag-usapan kung paano ka namin matutulungan. Baka gusto mong i-brainstorm ang iyong mga plano at layunin. Nandito kami para sa anumang gusto mong pag-usapan. Hindi mo kailangang makipagkita sa amin para manatili sa programa. Ngunit, narito kami upang magkita nang madalas hangga't gusto mo. Ang mga pagpupulong na ito ay maaaring maganap saanman sa tingin mo ay ligtas at komportable. Maaaring sa opisina o sa coffee shop. Maaaring sa supermarket yun. Ikaw ang pumili. Maaari mong baguhin ang oras, lugar, o petsa ng pagpupulong kung magbago ang iyong mga pangangailangan.
- Mga serbisyong pambata: Ang pagpasok sa programang ito ay maaaring isang malaking pagbabago para sa iyo. Maaaring malaking pagbabago din ito para sa iyong mga anak. Habang ikaw ay nasa programa, maaaring piliin ng iyong mga anak na makibahagi sa mga sumusunod na serbisyo:
  - Ilista ang Mga Serbisyo dito:
- Iba pang serbisyo...
- Mga follow-up na serbisyo: Maaari mong gamitin ang mga serbisyong ito nang hindi bababa sa tatlong buwan hanggang labindalawang buwan

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamain sa pananaw ng Department of Justice.

pagkatapos mong lumipat. Ang mga follow-up na serbisyo ay medyo naiiba sa mga serbisyong nakukuha mo habang nakatira sa Transitional Housing.

### **Ang Aming Tungkulin sa Iyo**

Ang iyong tagapagtaguyod, lahat ng kawani, at mga boluntaryo ay may tungkulin na igalang ang iyong mga karapatan tulad ng sumusunod:

- Na tratuhin ka, ang iyong mga anak, at ang iyong mga alagang hayop nang may paggalang at dignidad
- Na makinig sa sinasabi mo sa amin
- Na pag-isipang mabuti ang anumang feedback na inaalok mo
- Na tulungan ka, ang iyong mga anak, at ang iyong mga alagang hayop na manatiling ligtas
- Na suportahan ang iyong kaligtasan at paggaling habang tinutulungan kang panatilihin ang iyong pabahay.

Mangyaring ipaalam sa amin kung sinuman ang nagsasagawa ng mga sumusunod na aksyon laban sa iyo, sa iyong mga umaasa, o sa iyong mga bisita:

- sekswal na karahasan
- sekswal na panliligalig
- paniniktik (stalking)
- karahasan sa pakikipag-date
- domestikong karahasan

### **Ang Iyong Mga Karapatan:**

- May karapatan kang mamuhay nang malaya mula sa sekswal na karahasan o sekswal na panliligalig sa iyong pabahay. Kung ang anumang uri ng sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan ay



nangyari sa iyo sa iyong pabahay, maaari kaming maghanap ng mga paraan upang matiyak ang iyong kaligtasan habang pinapanatili ang iyong pabahay. Kung ang sinumang konektado sa iyong programa sa pabahay ay nakagawa ng sekswal na karahasan o panliligalig, maaari kang makipag-usap sa executive director o isang miyembro ng board.

- Mayroon kang ganap na kapangyarihang pumili kung anong mga serbisyo at tulong ang gusto mo. Kontrol mo rin kung gaano kadalas at kailan mo ginagamit ang mga serbisyong iyon.
- Ang impormasyong ibibigay mo sa amin ay magiging protektado. Ibabahagi lamang ito kung may pahintulot at sinabi mo. Maaari kang matuto ng higit pang mga detalye sa seksyong pinamagatang "Patakaran sa Pagiging Kumpidensyal."

## **Proseso ng Karaingan**

**Ano ang mga hinaing?** Sa anumang lugar kung saan magkakasamang nakatira ang mga tao, maaaring magkaroon ng mga salungatan, reklamo, at alalahanin. Ang ganitong mga problema ay kilala bilang mga karaingan. Maaari silang lumitaw sa pagitan ng isang tao at iba pa. Maaaring lumitaw ang mga ito sa loob ng mga pamilya o sa mga kawani. Maaaring may kinalaman ito sa patakaran o tuntunin.

**Ano ang maaari kong gawin kung ang mga kawani ng programa, mga boluntaryo, o iba pang mga nangungupahan ay nabigong igalang ang aking mga karapatan?** Maaari mong gamitin ang aming proseso ng karaingan. Ito ay malinaw na hanay ng mga hakbang na maaari mong sundin.

**Bakit ko dapat gamitin ang proseso ng karaingan?** Pinapayagan ka nitong pormal na iulat ang iyong reklamo o alalahanin. Hinahayaan ka nitong marinig. At binibigyan ka nito ng pagkakataong malutas ang problema.

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamin sa pananaw ng Department of Justice.

**Paano ako maghahain ng karaingan?** Kakausapin ka ng iyong tagapagtaguyod tungkol sa proseso anumang oras. Sasabihin nila sa iyo ang mga hakbang na kailangan mong gawin.

## **Mga Alituntunin ng Programa**

Hindi kami naririto para kontrolin ang iyong pang-araw-araw na buhay. Hindi kami narito para husgahan ang iyong mga pagpipilian. Ngunit, hinihiling namin na sundin mo ang mga alituntunin sa ibaba. Ang paggawa nito ay magpoprotekta sa iyong pagiging pribado at kaligtasan ng iba pang survivor. Makakatulong din ito sa programa na matugunan ang mga tungkulin nito sa ilalim ng batas.

### Mga Alituntunin ng Bisita:

**Pinapayagan ba ang mga bisita?** Tinatanggap ang mga bisita habang nananatili ka rito.

**Paano kung may pwersahang pumasok sa tahanan ko?** Mangyaring sabihin sa iyong tagapagtaguyod sa lalong madaling panahon. Magsusumikap kami sa pagpapalano ng kaligtasan kasama ka.

**Kailangan bang sundin ng mga bisita ang anumang mga patakaran?** Oo Hinihiling namin na sundin nila ang parehong mga patakaran na sinunod mo tungkol sa karahasan at ilegal na aktibidad.

**Paano kung ang aking mga bisita ay hindi sumusunod sa mga patakaran tungkol sa karahasan at ilegal na aktibidad?** Maaari naming hilingin na hindi sila bumalik.

### Mga Alituntunin ng Miyembro ng Sambahayan:





**Maaari bang makakuha ng pera ang mga miyembro ng aking sambahayan para tumulong sa pagbabayad ng mga gastos sa pabahay?** Ang aming pondo ay nangangailangan na ikaw lamang at ang iyong mga umaasa ang makakakuha ng pera at tulong sa pabahay.

**Sino ang aking mga umaasa?** Ang sinuman na umaasa sa iyo sa halos lahat ng kanilang pangangailangan sa pera. Maaaring kabilang sa mga ito ang:

- mga bata na full-time o part-time mong inaalagaan
- matatandang magulang o lolo't lola
- matatandang bata na may kapansanan

Mangyaring makipag-usap sa amin kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung sino ang itinuturing na umaasa.

**Paano kung gusto kong manirahan kasama ang isang roommate?**

Maaaring okay lang iyon. Mangyaring ipaalam sa iyong tagapagtaguyod. Maaari naming hilingin sa iyong roommate na magbayad ng bahagi ng upa. Iyon ay dahil ang aming mga pondo ay maaari lamang magbayad para sa iyo at sa iyong mga umaasa.

Mangyaring mag-alok ng anumang feedback na maaaring mayroon ka tungkol sa mga alituntuning ito. Palagi kaming naghahanap ng mga paraan upang mapabuti ang aming programa.

## **Patakaran sa Pagkakumpidensyal**

**Ligtas ba ang aking impormasyon sa iyo?** Ipinagmamalaki namin ang pagpapanatiling kumpidensyal ng lahat ng iyong impormasyon.

**Dapat ba akong mag-ingat sa pagbabahagi ng impormasyon?**

Hinihiling namin na gawin mo ang iyong makakaya na huwag ibahagi ang ilang partikular na impormasyon sa mga tao sa labas ng programa.

Mangyaring subukang huwag pag-usapan ang tungkol sa buhay ng iba sa

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamain sa pananaw ng Department of Justice.

programa. Mangyaring subukang huwag magbahagi ng impormasyon na maaaring makilala ang kapwa survivor sa taong wala sa programa.

### **Ibabahagi mo ba o uulitin ang mga bagay na sinasabi ko sa iyo?**

Poprotektahan namin ang iyong pagiging pribado at pagiging kumpidensyal sa lahat ng paraan. Ang impormasyong ibinabahagi mo sa mga kawani ay hindi uulitin o ibabahagi nang walang nakasaad mong pahintulot.

**Anong impormasyon ang itinatago mo sa aking file?** Kinokolekta namin ang kaunting impormasyon sa iyong file hangga't maaari. Ginagawa namin ito upang protektahan ang iyong pagiging pribado at pagiging kumpidensyal.

**Maaari ko bang makita kung ano ang nasa aking file?** Maaari mong basahin ang iyong file o humingi ng kopya anumang oras.

### **Mayroon bang anumang mga limitasyon sa pagiging kumpidensyal?**

Oo, may iilan.

- Minsan ang isang opisyal na utos ng hukuman o batas ng estado ay maaaring mangailangan sa amin na ibahagi ang iyong impormasyon.
- Sa estadong ito, mayroong ]\_\_\_\_\_ (mga) pagbubukod sa pagiging kumpidensyal, batay sa batas ng estado.
  - Una ay kapag may balidong utos ng hukuman. (ipaliwanag dito ang subpoena ng iyong ahensya at patakaran ng utos ng hukuman)
  - Pangalawa ay ipinag-uutos ng batas na pag-uulat (mandated reporting). *Ang ibig sabihin ng mandated ay hinihingi ng batas* Tandaan: Hindi lahat ng mga tagapagtaguyod ay ipinag-uutos na mga mamamahayag. Pakisuri ang iyong mga lokal na batas, at isama ang anumang mahalagang wika tungkol sa ipinag-uutos na mga batas sa pag-uulat dito.

- Pangatlo ay ang aming mga kinakailangan sa pag-uulat. Hihilingin sa amin ng aming mga nagpopondo na magsumite ng mga ulat na may datos na walang pangalan (edad, kasarian, etnisidad, atbp.). Hindi kami magbabahagi ng impormasyon na maaaring magpakilala sa iyo. May karapatan kang hindi sagutin ang mga tanong tungkol sa edad, kasarian, etnisidad, atbp.

## **Pag-alis sa Programa**

**Paano kung gusto kong umalis sa programa?** May karapatan kang umalis anumang oras.

**Kailangan ko bang manatili sa programa sa loob ng 24 na buwan?** Hindi. Ikaw ang pipili kung gaano ka katagal mananatili.

**Paano kung pakiramdam ko handa na akong umalis?** Ipaalam sa iyong tagapagtaguyod kung sa tingin mo ay handa ka na. Matutulungan ka nila sa anumang bagay na may kaugnayan sa paglipat. Kasama diyan ang mga gastos sa paglipat, pagbili ng ilang gamit sa bahay, at iba pang mga bagay.

**Ano ang mangyayari pagkatapos kong piliin na umalis?** Maaari kang makakuha ng hanggang 12 buwan na after-care (pagkatapos ng pangangalaga). Kabilang sa after-care na mga serbisyo ngunit hindi limitado sa: adbokasiya, pamamahala ng kaso, at emosyonal na suporta.

**Paano kung may problema ako sa isang tao o patakaran habang nasa programa ako?** Sa anumang lugar kung saan magkakasamang nakatira ang mga tao, maaaring lumitaw ang mga salungatan, reklamo, at alalahanin. Alam at naiintindihan natin ang katotohanang iyon. Mayroon kaming prosesong nakalagay upang tumulong sa paglutas ng mga problema. Maaari mong basahin ang higit pa tungkol dito sa seksyong pinamagatang “Proseso ng Karaingan.”

**Hihilingin ba akong umalis kung may problema ako sa programa? Mawawala ba ang aking tulong sa pabahay?** Lagi naming susubukan na lutasin ang isang problema bago gawin ang mga ganitong hakbang. Nagpapasya kami kung paano lutasin ang bawat problema batay sa bawat kaso. Isinasaisip namin ang iyong mga partikular na pangangailangan, mapagkukunan, at alalahanin.

**Maaari mo bang hilingin sa akin na umalis sa programa?** Mayroong ilang mga dahilan lamang kung bakit maaari naming hilingin sa iyo na umalis.

- Karahasan/Pagbabantang Pag-uugali Hinihiling namin na huwag kang magbanta sa salita o pisikal na paraan o abusuhin ang iba pang survivor sa programa, ang iyong mga umaasa, o kawani at mga boluntaryo.
- Ilegal na Aktibidad Hinihiling namin na huwag kang makilahok sa anumang at lahat ng ilegal na gawain habang kabilang ka sa programang ito.

**Ano ang mangyayari kung kumilos ako nang marahas o nagbabanta sa isang tao? Ano ang mangyayari kung gumawa ako ng isang bagay na labag sa batas?** Maaaring kailangan naming hilingin sa iyo na umalis sa programa. Muli, umaasa kaming hindi ito mangyayari, at nangangako kaming makipagtulungan sa iyo.

**Ano ang mangyayari kung hilingin sa akin na umalis sa programa?** Tutulong kaming maghanap ng iba pang pabahay. Tutulong kami sa ilang gastos sa paglipat. Muli, umaasa kaming hindi ito mangyayari, at nangangako kaming makipagtulungan sa iyo.

**Paano kung may alalahanin sa kaligtasan o napipintong panganib?** Makikipagkita kami sa iyo kaagad para pag-usapan ang mga susunod na hakbang.



## Mahahalagang Numero ng Telepono at Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

### Ahensya

- [Ahensya] Linya para sa Krisis (Crisis Line)/24 na oras na linya:
- Ang iyong tagapagtaguyod
  - Pangalan:
  - Telepono:
  - Email:
- Residential Supervisor
  - Pangalan:
  - Telepono:
  - Email:
- Residential Director
  - Pangalan:
  - Telepono:
  - Email:
- Executive Director
  - Pangalan:
  - Telepono:
  - Email:

### Kaugnay ng Pabahay

- Maintenance
  - Telepono:
  - Email
- Landlord
  - Telepono:
  - Email

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamain sa pananaw ng Department of Justice.

## Mga Mapagkukunan ng Komunidad

Sakaling may emerhensiya tumawag ng: 9-1-1

Departamento ng Pulisya na Hindi Pang-emerhensiya:

[Iba pa?]



Nilikha para iakma ng National Network to End Domestic Violence (National Network upang Ihinto ang Domestikong Karahasan) sa pakikipag-ugnayan sa Office on Violence Against Women (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan).  
Nasuri noong Hulyo 2019